Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
**MUNICIPALITY OF BULALACAO**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Poblacion, Bulalacao, Oriental Mindoro, 5214 ☎ (043) 098-5404415

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-24 NG MAYO, 2004 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ludovico C. Silang | - | Tagapamanihala ng pagpupulong |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Sang. Bayan Member |
| Kgg. Eduardo C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Cesar P. Lantin | - | -do- |
| Kgg. Efren S. Acosta | - | -do- |
| Kgg. Salvador A. Magalay | - | -do- |
| Kgg. Benhur S. Cabagay | - | -do |
| Kgg. Rosalinda M. Cabagay | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Juan L. Salas, Sr. | - | Pres., Liga ng mga Brgy. |
| Kgg. Joseph Rey S. Amparo | - | SK Fed. President |

**HINDI NAKADALO:**

W a l a

x-----------------------------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 04-05-038

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIPAGDALAMHATI SA NAULILA NG NASIRANG DATING PUNONG BARANGAY FIDEL MAGBATA NG BARANGAY SAN ROQUE**

**SAPAGKAT**, si dating Punong Barangay Fidel Magbata ng San Roque, Bulalacao, Silangang Mindoro ay sumakabilang-buhay na noong umaga ng Mayo 23, 2004 dahil sa sakit.

**SAPAGKAT**, si dating Punong Barangay Magbata ay nagsilbi sa Barangay San Roque ng ilang taon na kung saan siya ay nakilahok at nanguna sa mga proyektong pang-kaunlaran na siyang nakapagbigay ligaya at kaginhawahan sa kanyang kabarangay.

**SAPAGKAT**, siya ay aktibong namuno sa mga pagpupulong ng Sangguniang Barangay at tumulong na isulong ang mga programang higit na kapakipakinabang sa mga mamamayan.

**SAPAGKAT**, ang kanyang pagpanaw ay isang malaking kawalan sa mga mamamayan ng San Roque na pinaglingkuran niya ng tapat at masakit na dagok na nagbigay ng masidhing kalungkutan at pighati sa kanyang pamilya at kamag-anak, kung kayat, dahil dito,

**PINAGPAPASYAHAN PA GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA, NA:** Nagpapahayag ng taus pusong pakikiramay at pakikipagdalamhati sa naulila ng nasirang dating Punong Barangay Fidel Magbata ng Barangay San Roque.

**SA MUNGKAHI** ni Konsehala Teresita S. Bantugan na pinangalawahan ni Konsehal Cesar P. Lantin, ang kapasyahang ito ay

**PINAGTIBAY":** May 24, 2004, Bulalacao, Oriental Mindoro.

| | |
|---|---|
| **TERESITA S. BANTUGAN**<br>SB Member | **EDUARDO C. ACERON**<br>SB Member |
| **CESAR P. LANTIN**<br>SB Member | **EFREN S. ACOSTA**<br>SB Member |
| **SALVADOR A. MAGALAY**<br>SB Member | **BENHUR C. CABAGAY**<br>SB Member |
| **ROSALINDA M. CABAGAY**<br>SB Member | **SEREN C. FAMILARA**<br>SB Member |
| **JUAN L. SALAS, SR.**<br>Pres. Liga ng mga Brgy | **JOSEPH REY S. AMPARO**<br>SK Fed. President |

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**LUDOVICO C. SILANG**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng pagpupulong

**ATTESTED:**

**PERLITA L. PAZ**
Pansamantalang Kalihim

**PINAGTIBAY:**

**GEMMA G. SALAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan 5/28/04

Wrd.res
040527/lpc